
# PROJECT EASE

( Effective and Affordable Secondary Education )

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 15**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 15**
**EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA 1**

***Malaya ako ngunit mapanagutan!***

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo

Maraming teen-ager na katulad mo ang nagnanais na maging malaya at magawa ang lahat ng bagay na ibig. Marahil, isa ka rin sa nagnanais nito, tama ba ako? Ano nga ba ang maging malaya? Basta ba nagagawa mo ang iyong naisin ay malaya ka na? Ano ang tunay na kahulugan ng pagiging malaya?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

A. Nasusuri kung paano nakaiimpluensya ang iba’t ibang pagpapahalaga (values) sa mapanagutang paggamit ng kalayaan
B. Nahihinuha ang kahalagahan ng mapanagutang paggamit ng kalayaan
C. Nakapagsisikap na maisabuhay ang mapanagutang paggamit ng kalayaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tiyak na hakbangin sa pagsasagawa nito

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga -1
Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunod-sunod ng aralin.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang direksyon at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga-I.
5. Maging matapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng gawain.
6. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.
   Bago mo simulan ang gawain ng modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?


Direksyon: Pagtapat-tapatin. Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. counter values
2. determinasyon
3. intellect
4. kalayaan
5. pagdadalaga/pagbibinata
6. pagpaplano
7. pananagutan
8. sarili
9. tunguhin
10. virtues

a. kakayahang italaga ang sarili tungo sa isang tiyak na tunguhin
b. mga paniniwalang taliwas sa batas moral
c. yugto ng buhay kung saan mataas ang antas ng paghahangad na lumaya.
d. unang sangkap sa pagbabagong pansarili ayon kina James at Savary
e. kakayahang akuin ang kahihinatnan ng isang kilos o pagpapasya.
f. mga hakbanging balak isagawa
g. talinong kaloob ng Diyos sa tao.
h. mithiin
i. paghahangad na maabot ang mithiin.
j. ito lamang ang may kakayahang alisin ang mga hindi kanais-nais na kilos.
k. mga mabubuting gawi

## III. Tuklasin Mo

Gawain A. *Wish Ko Lang!*



**KUNG MAY MAGBIGAY SA IYO NG 1MILYONG PISO SA KONDISYONG KAILANGANG UBUSIN MO ITO SA LOOB LAMANG NG ISANG ARAW, PAANO MO ITO GUGUGULIN?**

Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Paano mo ginamit ang kalayaang ipinagkaloob sa iyo?
3. Masasabi mo bang nagging mapanagutan ka sa paggamit ng iyong kalayaan? Ano ang naging batayan mo sa pagsasabi nito?

Gawain B

Basahin mong mabuti ang kuwento at suriin ang mensaheng napapaloob dito.

*Mahusay na Trabaho*

May isang lalaking nangangailangan ng karpintero upang gumawa ng kanyang nasirang bakuran.

Isang matipunong binata ang pumunta sa kanya.

"Nais kong gawin mo ang bakod na ito, ngunit ayokong gumastos nang malaki. Ikaw na ang bahala, may mga kahoy na luma dito, baka maaari mo pang magamit upang makabawas sa gagastusin ko. Huwag mo ng pagandahin, ang mahalaga lamang sa akin ay maitayo mo ang bakod. Babayaran kita ang P 200.00 kapag natapos mo ito. Babalik ako bukas para bayaran ka," wika ng lalaki.

Kinabukasan, dumating siya upang inspeksyunin ang kanyang ipinagawa. Laking gulat niya ng makita na napakaganda ng pagkakagawa sa kanyang bakuran. Nag-alala siya baka maningil nang mahal ang binatang karpintero. Dahil dito, tinawag niya ito.

" Bakit pinaganda mo pa? Puwede naman kahit hindi gaanong maganda tutal bakod lamang naman ito. Magkano ba ang kailangan kong idagdag?, tanong ng lalaki.

" Wala po kayong dapat alalahanin. Kung ano lang po ang ating napag-usapan, iyon lamang po ang iyong ibayad. Ang mahalaga po ay nagawa ko nang maayos ang ipinagagawa ninyo. Kahit bakod lang ito at matatakpan ng mga halaman kailangan pag-ayusin ko pa rin po ang aking gawain," tugon ng binata.

Makalipas ang ilang taon, may nakuhang kontrata ang lalaking nagpagawa ng bakod. Siya ang namahala sa konstruksyon ng ilang gagawing pampublikong gusali. Maraming aplikante ang nakapila subalit isang pamilyar na mukha ang nakita niya. Ang binatang gumawang kanyang bakod. Siya ang pinagkalooban niya ng kontrata dahil alam niyang responsible at mahusay itong magtrabaho.

Ito ang naging daan sa kanyang pag-unlad.


Halaw mula sa
*The Next 500 Stories*
Ni Fr.Frank Mihalik

Sagutin mo

1. Ano ang pagpapahalagang taglay ng karpintero?
2. Paano niya ginamit ang kanyang kalayaang magpasya?
3. Maituturing mo bang mapanagutan ang paggamit niya ng kalayaan? Bakit?

Gawain C.

Mag-isip ka ng mga kilos o pag-uugaling nakahahadlang sa iyong pag-unlad. Isulat mo ang mga ito sa oblong sa ibaba. Sa mga nakapaligid na *arrow* isulat mo ang mga hakbang na maaari mong isagawa upang mabago ito.





Sagutin mo:

1..Nagagamit mo ba nang mapanagutan ang iyong kalayaan sa pagsasabuhay ng iyong mga inilista? Bakit?
2. Bakit mahalaga ang mapanagutang pagpapasya tungo sa pagpapaunlad ng sarili?

**IV. Ano ang iyong natuklasan?**

Sa tulong ng mga bilog sa ibaba na kinapapalooban ng ilang mahalagang salitang nabanggit sa araling ito, bumuo ka ng pangungusap na magpapahayag ng konseptong iyong natutuhan.



Ang ______________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________.

## V. Pagpapatibay

Ang kalayaan ay handog ng Diyos na tao lamang ang pinagkalooban. Kung gagamitin ito nang mapanagutan magsisilbi itong puhunan upang mapaunlad ang ating sarili. Subalit kung aabusuhin ang paggamit nito baka ito pa ang magbigay daan sa iyong kabiguan at kalungkutan.

Di iilang kabataang katulad mo ang nasadlak sa kaawa-awang kalagayan sanhi ng maling paggamit ng kalayaan. Ang akala nila ay walang kalakip na pananagutan ng kalayaan, na sila ay malaya basta nagagawa nila ang lahat ng kanilang nais. Subalit hindi ito ang tunay na kahulugan ng kalayaan.

Ayon kay Esteban ang konsepto ng kalayaa'y hindi nangangahulugan na nagagawa mo ang lahat ng iyong naisin, sa halip, ito ang karapatan mong gawin ang nararapat upang makamit ang pinakamataas at pinakadakilang layunin ng ating kalikasan.

Sa tulong ng Edukasyon sa Pagpapahalaga tinutulungan kang matutong tanggapin ang pananagutan sa anumang kilos at pagpapasyang ginawa mo.

Paano mo malalaman kung naging mapanagutan ka sa paggamit ng kalayaan. Narito ang ilang palatandaan.

1. Kung naisaalang-alang mo ang kabutihang pansarili (personal good) at ang kabutihang panlahat. (common good).
2. Kung handa kang harapin ang anumang kahihinatnan ng iyong pagpapasya.
3. Kung ang iyong pagkilos ay hindi sumasalungat sa natural na batas at batas moral.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

1. Anu-anong mga pagkakataon sa iyong buhay ang hindi ka naging mapanagutan sa pagamit ng iyong kalayaan?
2. Ano ang kinahinatnan nito?
3. Paano mo malilinang ang mapanagutang paggamit ng kalayaan? Bumanggit ng mga tiyak na hakbang na iyong isasagawa?
4. Anu-anong mga pagpapahalaga ang kailangan mong isabuhay sa pagpapaunlad ng mapanagutang paggamit ng kalayaan?

## VII. Gaano Ka Natuto

Direksyon:
Basahing mabuti ang mga pangungusap sa ibaba. Tukuyin ang salitang binibigyang kahulugan sa pamamagitan ng pagpili ng wastong titik ng terminolohiyang nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| **a. counter values** | **g. pagdadalaga/ pagbibinata** |
| **b. determinasyon** | **h. pagpaplano** |
| **c. kalayaan** | **i. sarili** |
| **d. intellect** | **j. tunguhin** |
| **e. pananagutan** | **k. virtues** |
| **f. paniniwala** | |

1. Ito lamang ang may kakayahang magpasya at alisin ang mga personal at mga di-kanais-nais na kilos
2. Kakayahang italaga ang sarili tungo sa isang tunguhin.
3. Talinong kaloob ng Diyos sa tao.
4. Mga pagpapahalagang taliwas sa batas moral.
5. Kakayahang akuin ang kahihinatnan ng isang kilos o pagpapasya.
6. Tanging panahon sa buhay ng tao na masidhi ang paghahangad na maging malaya.
7. Mabubuting gawi.
8. Mga balak isagawa.
9. Mithiin
10. Paghahangad na makamit ang mga hangarin sa buhay.

## VIII. Sanggunian


1. Esteban, Esther J. 1990 *Education in Values*. Manila, Sinag-Tala Publishers Inc. p 66.
2. Mihalik, Frank .1993. *The Next 500 Stories.* Manila. Logos Publications, Inc.
3. Punsalan, Twila G., et al. 199 *Buhay*. Manila. Philippine Normal University. p.76

**IX. Susi sa Pagwawasto**

Handa Ka Na Ba?

1. B
2. I
3. G
4. A
5. C
6. F
7. E
8. J
9. H
10. K

Gaano Ka Natuto

1. I
2. C
3. D
4. A
5. E
6. G
7. K
8. H
9. J
10. B